



Binagong mga Panrelihiyong Serbisyo at Pangkulturang mga Seremonya sa Panahon ng COVID-19

Mga Madalas na Itinatanong (FAQ's)

Binago noong Hulyo 21, 2020

Ang Alameda County ay naglabas ng [patnubay para sa mga lugar ng pagsamba](#) upang ipagpatuloy ang mga panrelihiyong serbisyo at pangkulturang mga seremonya sa binagong kakayahan. Ang dokumentong ito ay naglalaan ng mga tugon sa Mga Madalas Na Itinatanong (FAQ's) na naiparating na sa mga pagtalakay tungkol sa muling pagbubukas.

***Magsisimula sa Hulyo 15, 2020: Dahil sa tumataas na bilang ng mga bagong kaso at pagkakaospital, ang Alameda County ay inilagay sa Listahan ng Sinusubaybayan sa COVID-19 ng Estado. Hanggang wala pang abiso, [ang pagsamba sa loob ay hindi pinahihintulutan](#). Tandaan ito kapag isinasaalang-alang ang mga plano para ipagpatuloy ang mga serbisyo/seremonya na maaapektuhan.**

1. Bakit kabilang sa Patnubay sa Mga Lugar ng Pagsamba ang “nirerekomendang” bilang ng mga taong pinapayagan na dumalo sa mga serbisyo at seremonya? *

Ang panganib na mahawa ng COVID-19 ay nadaragdagan sa maraming mga tao sa isang grupo. Nirerekomenda ng Health Officer na ang mga serbisyo/seremonya na payagan lamang ang 25 o mas kakaunting tao na dumalo. Habang ang mga lugar ng pagsamba ay maaaring magpahintulot sa mas mababa sa 100 tao o 25% ng kapasidad ng pasilidad na daluhan ang mga serbisyo, mas ligtas na panatilihin ang grupo hangga't maaari.

2. Kailangan bang magsumite ang mga lugar ng pagsamba ng Planong Proteksyon na Para Lamang sa Site (Site-Specific Protection Plan) sa COVID-19 sa County para paaprubahan?

Ang mga lugar ng pagsamba at ibang mga organisasyon na pinahintulutang magbukas muli ayon sa inilabas ng Kautusan ng Health Officer ay hindi na kailangan ng aprubal ng kanilang Mga Site-Specific Protection Plan mula sa County para magbukas. Kung nais ng mga lugar ng pagsamba na repasuhin ng County ang alinmang aspekto ng kanilang mga plano ng pagbubukas, ang COVID Recovery Team ay malugod na maglalaan ng teknikal na tulong at maaaring maabot sa pamamagitan ng email sa COVIDrecovery@acgov.org.



3. Mas naiiba ba ang pagsasagawa ng panrelihiyong serbisyo sa labas kaysa sa pagsasagawa ng mga serbisyo sa loob kapag nagpapanatili ng social distancing at mga pag-iingat sa pagtatakip ng mukha?

Ang pagtitipon nang personal ay mapanganib sa kahit anong lugar. Gayunman, ang pagsasagawa sa labas ay mas mabuti kaysa sa loob dahil nagpapahintulot ito sa bukas na daloy ng hangin at nagbabawas ng potensyal na panganib ng transmisyon ng mga aerosol sa pagitan ng mga indibidwal at tahanan.

4. Ang aming simbahan ay may iba't ibang gusali para sa iba't ibang mga layunin (halimbawa, ang gusali ng sanggol/maliliit na bata, gusali ng mga bata, at gusali ng kabataan). Pinahihintulutan ba tayong gamitin ang 25% na tuntunin sa lahat ng gusali? Halimbawa, ang aming auditorium ay may 600 na upuan, kung gayon ay maaari itong mag-host ng 100. Ang aming gusali ay may 200, kaya maaari itong mag-host ng 50. *

Oo, ang kasalukuyang Shelter in Place Order (20-14a) ay nagpapahintulot sa iyo na ilapat ang "25% o 100, alinman ang mas kakaunti " na tuntunin sa mga panrelihiyong serbisyo/pangkulturang seremonya na isasagawa sa iba't ibang gusali.

5. Pinagbabawalan ba ang pag-awit sa patnubay ng Estado at County. Mayroon ang anumang opsyon o mga kundisyon kung saan maaaring isama sa mga lugar ng pagsamba ang pag-awit sa kanilang panrelihiyong mga serbisyo?

Ang pag-awit ay nagdaragdag ng tsansa ng paghahawa ng sakit dahil ang mga kontaminadong droplets ay tumatalsik nang malayo patungo sa hangin at espasyo sa paligid ng mang-aawit. Ang gawaing ito ay sumasalungat sa pagbawas ng panganib na naisagawa sa pamamagitan ng physical distancing na anim na talampakan. Bilang kahalili, ang mga lugar ng pagsamba ay hinihimok na magtiwala sa mga dati nang na-record na video o audio presentation para masiyahan sa mga papuri/awitin ng pagsamba at iba pang mga awitin.

6. Kung pauna namin ire-record ang pagsamba sa maliliit ng grupo ng mga mang-aawit (2-3) at isang litratista na sinusunod ang mga patnubay ng CDC, sapat na ba itong limitado upang payagan ang pag-awit?

Dapat ihanda ang audio kasama ang mga mang-aawit sa magkakahiwalay na mga pisikal na espasyo o 15 talampakan man lamang ang layo upang hindi magkaroon ng posibilidad ng pagkalat ng droplets sa hangin pagitan ng mga mang-aawit. Ipinapayo rin na maghintay ng kaunting oras, mga isang oras o higit pa, bago payagan ang mga tao na umawit muli sa loob ng lugar.



7. Maaari ka bang magbigay ng kahulugan ng Social Bubble, at ano ang pinahihintulutan at hindi sa loob ng Alameda County?

Ang social bubble ay grupo ng mga tao na pinakamataas na ang 12 na hindi nababago nang 3-4 linggo. Kailangan mong maging bahagi ng isa lamang na social bubble. Ang bubble ay dapat magtagpo sa labas ng mga tahanan, ang bawat isa ay dapat magsuot ng mga takip sa mukha, at panatilihin ang physical distancing na anim na talampakan man lamang. Para sa karagdagang impormasyon sa Social Bubbles, tingnan ang Alameda County Shelter in Place Order FAQ, mga pahina 8-9: <https://covid-19.acgov.org/covid19-assets/docs/6-19-20%20Alameda%20County%20SIP%20Order%20FAQ%206-23-203%203%20PM.pdf>

8. Mayroon bang mga patnubay para sa mga grupo ng mga bata (hal. mga klase sa pag-aaral, mga grupo ng pag-aaral sa pananampalataya, atbp.) upang magtipun-tipon kapag nagbukas muli ang mga lugar ng pagsamba?

Ang mga anak ay dapat manatili sa pangangalaga ng kanilang mga miyembro ng tahanan at magkahiwalay na mga aktibidad at mga serbisyo para sa mga bata ay hindi pinahihintulutan sa panahong ito, maliban kung ang mga bata at mga adulto ay nakikibahagi sa serbisyo bilang bahagi ng parehong social bubble.

9. Dahil hindi pinahihintulutan ang mga kabaong sa loob ng simbahan ituturing pa rin ba ng serbisyo ng memorial service ang libing na may limit na 25 o ito ay isang panrelihiyosong serbisyo na may pinahihintulutang attendance na hanggang 100 tao?

*

Ang mga lugar ng pagsamba ay dapat magpatuloy upang ituring ang memorial service bilang libing na may limit na 25 tao. Kahit na ang estado at lokal na mga kautusan para sa mga pamantayan ng relihiyosong serbisyo at pangkulturang seremonya na nagpapahintulot sa 100 tao, ang Alameda County Health Officer ay matibay na humihimok na gamitin ang mga lugar ng 25 o mas kakaunti (sa ibang salita, ang pinakamaliliit na grupo hangga't maaari) upang komportableng maglingkod sa inyong mga kongregasyon para sa lahat ng uri ng serbisyo.

Karagdagang Mga Mapagkukunan:

- Patnubay ng CA Industry para sa Mga Lugar ng Pagsamba:
<https://files.covid19.ca.gov/pdf/guidance-places-of-worship.pdf>



Alameda County Health Care Services Agency
Public Health Department
www.acphd.org

Colleen Chawla, Director
Kimi Watkins-Tartt, Director
Nicholas Moss, MD, Interim Health Officer

Public Health Department: Main Line (510) 267-8000

Impormasyon sa COVID-19: (510) 268-2101

- Patnubay ng Muling Pagbubukas para sa Mga Lugar ng Pagsamba ng Alameda County:
<http://www.acphd.org/media/593477/health-officer-order-20-14b-places-of-worship-re-opening-guidance-english.pdf>